

Ano nga ba ang munting langgam na pula o LFA?

Ang munting langgam na pula (o LFA) ay isang bagong uri ng mapaminsalang langgam na kailan lang natuklasan sa Hawaii. Maaring lumaganap ito sa buong kapuluan ng Hawaii kung hindi tayo gagawa ng mabilisang paraan upang masugpo ito.

Maaring pamugaran ng LFA ang mga bakuran, bahay, sakahan at mga kagubatan. Ito ay mapaminsala sa tao at mga hayop dahil sa kanilang nakakasakit na kagat. Ang mga kagat ng LFA sa mata ng mga alagang hayop ay maaring maging dahilan ng kanilang pagkabalug. Ang pagkalat ng LFA ay nakapaminsala sa mga pananim, sa produksyon ng pagkain at sa ekonomiya. Dahil dito, malaki ang epekto ng LFA sa pamumuhay ng mga tao.

Ang LFA ay unang natagpuan sa Puna, isla ng Hawaii noong 1999. Sa kinalaunan, kumalat ito sa pamamagitan ng mga bagay na pinamumugaran nito, tulad ng mga halaman, troso, mga pinagputulang sanga at dahon, graba at pati mga sasakyan. Bagamat masusi ang inspeksyon at paglilinis (ng kimikal o ibang paraan) sa mga halamang galing sa isla ng Hawaii, hindi pa rin nito mapipigilan ang pagkalat ng LFA sa iba pang mga isla.

Noong Disyembre 2013, natuklasan ang LFA sa mga binebentang tuod ng hapu'u (gamit para sa pagpapalaki ng orkidyas) sa mga tindahan sa Oahu at Maui. Ito rin ay nahanap sa isang halamanan sa Lanai. Karamihan ng mga binentang hapu'u na may LFA ay hindi malaman kung saan napapunta/dinala. Bukod sa hapu'u, marami pang ibang paraan kung saan maaring kumalat ang LFA sa ibang isla ng Hawaii.

Isang samahan ng iba't ibang ahensiya ang naatasang gumawa ng masusing pagsisiyasat at paglilinis ng mga pinaghihinalaang lugar (sa iba't ibang isla ng Hawaii) na pinamumugaran ng LFA. Iminumungkahi sa lahat ang masusing pagsusuri ng kani-kanilang mga bahay at bakuran sa anumang langgam na pinaghihinalaang LFA. Marapat na ipalam kaagad ito sa mga kinaukulan. Kami ay nanga-ngailangan ng iyong tulong.

ALAMIN-IULAT-SUGPUIN **Ang Munting Langgam na Pula**

ALAMIN

Mga lugar ng HDOA kung saan maaring ipadala o ikoreo ang pinaghihinalaang langgam:

Kaua'i: 4398A Pua Loke St, Lihu'e, HI 96766

O'ahu: 1428 S. King St, Honolulu, HI 96814

Maui: 635 Mua St, Kahului, HI 96732

Moloka'i: C/O The Nature Conservancy
23 Pueo Pl, Kaunakakai, HI 96748

Hawai'i: Hawai'i Ant Lab / HDOA
16 E. Lanikaula St, Hilo, HI 96720

IULAT

Ipaalam ang pinaghihinalaang inpestasyon ng LFA sa mga sumusunod na opisina:

Hawai'i Department of Agriculture
Statewide Hotline: 643-PEST (7378)

Kaua'i Invasive Species Committee: 821-1490

O'ahu Invasive Species Committee: 266-7994

Maui Invasive Species Committee: 573-6472

Moloka'i Invasive Species Committee: 553-5236

Big Island Invasive Species Committee: 933-3340

Hawai'i Ant Lab: 315-5656 (Hawai'i Island)

DAGDAGAN ANG KAALAMAN **SA PESTENG LANGGAM**

Para sa dagdag na kaalaman sa LFA, bisitahin ang mga sumusunod

**www.littlefireants.com o www.LFAHawaii.org
o hdoa.hawaii.gov/pi/main/lfainfo/**

Ang mga larawan ay kuha nina: USGS BRD Ellen VanGelder, Cas Vanderwoude, at Alex Wild

Mga naghandog ng tulong: Hawai'i Department of Agriculture, Hawai'i Department of Land and Natural Resources, U.S. Fish and Wildlife Service, Hawai'i Ant Lab, Hawai'i Invasive Species Council, Coordinating Group on Alien Pest Species, Invasive Species Committees of Hawai'i, University of Hawai'i College of Tropical Agriculture and Human Resources, The Nature Conservancy, O'ahu Army Natural Resources Program, Pacific Cooperative Studies Unit, City and County of Honolulu

Little Fire Ant **Munting Langgam** **na Pula (LFA)**

Wasmannia auropunctata



langgam sa chopstick



nabulag na alagang hayop



mga kagat ng langgam

ALAMIN-IULAT-SUGPUIN **Ang Munting Langgam na Pula**

Pangalagaan ang inyong Pamilya

ALAMIN

Mga kailangang gamit: peanut butter, patapon na chopsticks, zip-loc bags at pangmarkang pluma o panulat



1. Manipis na pahiran ang chopsticks ng peanut butter. Ilagay ang mga ito, mga ilang talampakan ang agwat, sa paligid ng mga halaman sa inyong bakuran, hardin at beranda (lanai). Piliin ang mga malilim at mamasang lugar, ilalim ng mga paso at sa mga pagitan ng dahon at tangkay ng mga halaman. **Gamitin lamang ang ordinaryong peanut butter at hindi ang sinasabing 'natural' o 'fat-free'. Para sa mga may allergy sa mani, gamiting pamain ang de-latang spam o kahit anong klaseng luncheon meat.*

2. Sa pinakamalamig na bahagi ng maghapon, iwanan ang mga kinalat na chopsticks nang mga isang oras.

3. Inspeksyunin lamang ang chopsticks at huwag galawin. Kolektahin lamang ang chopsticks **kung**:

- Ang mga langgam ay maliliit at kulay kahel o pula.
- Hindi ka sigurado kung anong langgam ang nakikita mo.

4. Dahan-dahang ipasok ang chopsticks sa loob ng zip-loc bag para hindi mangahulog ang mga langgam.

5. Isara ang zip-loc bag at isulat ang inyong pangalan, tirahan at numero ng telepono dito. **Ipasok ang zip-loc bag sa loob ng inyong freezer at iwanan ito nang magdamag para patayin ang mga langgam.**



Paano kilalanin ang LFA:

- Ito ay mga munting langgam, $\frac{1}{16}$ na pulgada ang laki, at kasingkapal ng mamera.
- Nagkukulay kahel o pula ang langgam.
- Mabagal o mahina silang kumilos.



Nakakamukha at maaring mapagkamalang LFA: Tropical fire ant

- Isang uri din ng nangangagat na langgam, ngunit mas maliit ito kaysa sa LFA.
- Laganap na ito sa ating kapaligiran.
- Gumagawa ng pugad na mukhang munting burol ng lupa sa mga tuyong at maaraw na lugar.
- Kaiba ang itsura ng butas o lungga ng pugad.

Panoorin ang videong *How to Test for LFA* sa vimeo.com/97558997 para malaman kung LFA nga ang langgam na nakulekta ninyo.

IPAALAM SA KINAUUKULAN

Tawagan ang Hawai'i Department of Agriculture (HDOA) sa 643-PEST para ipaalang kung mayroong pinaghihinalang LFA sa inyong pamamahay. Maaring personal na dalhin o ikoreo ang inyong kinolektang langgam (yung nakalagay sa zip-loc bag at iniwan nang magdamag sa freezer) sa saan mang sangay o opisina ng HDOA (tingnan ang likod ng polyetong ito para sa mga lokasyon).

Kaagad naming ipapaalam sa inyo kung LFA nga ang ipinadala ninyong langgam. Kung mapagalaman na LFA ito, huwag istorbohin ang mga langgam at ang kanilang pinamumugaran sa inyong lugar. Huwag ding subukan itong sugpuin sa pamamagitan ng kimikal o anumang paraan. Mahihirapan ang mga kinauukulan na hanapin ang pinamumugaran nito at malamang na maari pa itong kumalat kapag ito ay inyong ginalaw.

SUGPUIN ANG LFA

Kung matiyak namin na hindi LFA ang inyong ipinadala o isinangguni, kami ay lubos na magagalak at magpapasalamat sa inyong tulong. Pamalagiing maging handa at nagingat. Palaging ibukod at suriin ang mga bagong halaman, panindang bulaklak, mga pananim, lupa at iba pang mga bagay-bagay na maaring pamugaran ng LFA.

Kung mayroon kayong LFA, isangguni kaagad ito sa HDOA para malaman kung ano ang inyong maaring gawin. Matutulungan namin kayong sugpuin ito, pero kakailanganin din namin ang inyong tulong sa paghahanap ng pinanggalingan o pinamumugaran nito. Sa gayon ay mapipigilan natin ang tuluyang paglaganap nito.



Ang isang pulutong ng LFA ay pwedeng magkasya sa isang bunga ng macadamia.

- Ang LFA ay di gumagawa ng pugad o bahay sa lupa na hitsurang mumunting burol.
- Ang lungga nito ay hindi kaiba at maaring makita sa mga basa at malilim na lugar, sa mga puno, sa ilalim ng balat ng kahoy at sa ilalim ng mga bato, tumbang puno at timbon ng dahon.